

Opisyal na Pahayag

Pebrero 6, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon, 562.570.NEWS,
jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang mga Klinika sa bakuna sa lungsod ng Long Beach ay tutulong sa pagbabakuna sa Equity Gap

Lungsod ng Long Beach, CA – Sa kasalukuyan, ang lungsod ng Long Beach, Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyo ng Kalusugan (Departamento ng Kalusugan) ay nagsagawa ng unang klinika sa bakuna bilang bahagi ng isang programa sa pag-aabot ng pagbabakuna sa mga bahayan ng mga tao na mataas na nanganganib sa pamamagitan ng mga maliliit na mga klinika na nakabatay sa pamayanan. Ang unang klinika, na naghahatid pangunahin ng tulong sa mga taong nagsasalita ng Espanyol ng mga nasa hustong gulang na 65 at pataas, ay naganap sa Parke ng Silverado sa kanlurang bahagi at nagbigay ng 500 dosis ng bakuna. Ang mga tauhang nagsasalita ng Espanyol ay nasa site upang tulungan ang mga myembro ng komunidad at tugunan ang mga katanungan.

“Napakahalaga na maipaabot sa mga residente mula sa buong lungsod, upang makakuha ng bakuna lalo na sa lugar na may mababang kita at mga komunidad na mataas na peligro,” ayon kay Punongbayan Robert Garcia. “Kami ay nakatuon sa paglulunsad ng mga klinika na ito para sa mga may edad na at iba pang mga myembro ng komunidad na nakatira sa mga apektadong lugar.”

Ang mga mobile klinik na ito ay nakatuon sa mga hindi pa nakakakuhang kapitbahayan sa kasaysayan ng lungsod ng Long Beach, na may apoyntment na napli sa VaxLB kasama ng mga nagparehistro o ginawa sa pakikipagsosyo sa komunidad na nagtatayo sa pamayanang ito. Bilang karagdagan sa pagbabakuna sa mga matatanda sa pamamagitan ng mobile klinik, and lungsod ay naghahanap pa ng maraming oportunidad hanggang Pebrero upang mapagsilbihan ang komunidad na sobrang naapektuhan ng Covid-19 lalong lalo na ang mga indibidwal na nasa bahay at mga sentro ng namumuhay na mga matatanda hanggang makamit ang kasiyahan. Katulad ng laging kalimitan, ang mga klinika ay nakasalalay sa pagkakaroon ng bakuna.

Mula Pebrero 6, mayroon nang 49,356 na mga kaso sa Lungsod ng Long Beach at 714 na katao na ang namatay mula sa bayrus. Mahigit ng 52,000 na bakuna na ang naipamahagi.

Sa sa mga pangunahing impormasyon sa Covid-19, at para sa mga detalyeng na ginagawa ng lungsod ng Long Beach para mapanatili and kaligtasan ng mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19, o sundad and @LongBeach City sa Facebook, Twitter, at Instagram.

###